Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

23 Disyembre 2018 | Ikaapat na Linggo ng Adbiyento | Taon K

Ang Galak sa Pagdating ng Panginoon

Ang huling Linggo sa Panahon ng Pagdating ay nasa loob na ng Pagsisiyam para sa Dakilang Kapistahan ng Pagsilang ng Panginoong Hesus. Dalawang araw na lang at Pasko na! Nananabik tayo hindi lamang sa pagdiriwang ng pagsilang ni Hesus kundi pati na rin sa handog na kanyang dala. Noong dumalaw si Maria kay Elisabet ay dala niya si Hesus sa kanyang sinapupunan.

Si Hesus naman ay nagdulot ng handog ng Espiritu Santo. Kaya naglulukso sa galak si San Juan Bautista at si Elisabet ay napabulalas ng pagpupuri. Mapuspos din sana tayo ng Espiritu Santo sa pagdiriwang na ito ng Pasko.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pumatak na waring ulan magmula sa kalangitan, nawa'y umusbong din naman mula sa lupang taniman ang Manunubos ng tanan.

Pagbati

***P*–**Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, na nagdadala ng kaligtasan, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B*– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P* –**Malapit na ang pananariwa ng pagsilang ng Panginoon. Paghandaan natin ang pagdiriwang na ito at nang tayo ay maging handa at karapat-dapat. *(Manahimik saglit.)*

***P* –**Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong pagdadala sa amin ng handog ng Espiritu Santo, Panginoon, kaawaan mo kami.
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Para sa aming labis na paghahanda para sa mga panlabas ng pagdiriwang ng iyong pagsilang, Kristo, kaawaan mo kami.
***B* –Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –**Para sa aming kakulangan ng pagpapahalaga sa mga nagtatagal na bunga ng iyong pagsilang, Panginoon, kaawaan mo kami.
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*–**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*– Amen!**

Papuri

(Aawitin lamang tuwing Simbang Gabi.)

Panalanging Pambungad

***P* –**Ama naming makapangyarihan, kasihan mo kami ng iyong pagmamahal upang kaming nakabatid sa pagbabalita ng anghel tungkol sa pagkakatawang-tao ng Anak mo ay makapakinabang sa kanyang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus sa pagsapit namin sa pagkabuhay niya sa langit sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Mik 5:1-4***

Ang Aklat ni Propeta Mikas ay naglalaman ng mga banta ng parusa at mga pangako ng kaligtasan. Ang ating sipi ay tungkol sa isa sa mga pangakong ito. Ipinahahayag ng propeta ang lugar kung saan isisilang ang Manunubos. Dapat maganap ito sa Betlehem upang talagang maiugnay siya sa sambahayan ni David at sa lipi ni Juda.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Mikas

Ito ang sinasabi ng Panginoon: Betlehem Efrata, bagamat pinakamaliit ka sa mga angkan ni Juda ay sa iyo magmumula ang isang maghahari sa Israel. Ang pinagmula'y buhat pa nang una, mula pa noong unang panahon.

Kaya nga, ang bayan ng Panginoon ay ibibigay niya sa kamay ng mga kaaway hanggang sa isilang ng babae ang sanggol na maghahari. Pagkatapos, babalik sa Israel ang nalabi sa bansang ito.

Pagdating ng haring yaon, pamamahalaan niya ang Israel sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon; taglay niya ang kadakilaan ng pangalan ng Panginoon na kanyang Diyos. At ang Israel ay mamumuhay na ligtas, sapagkat ang haring yaon ay kikilalanin ng buong sanlibutan. Sa kanya magmumula ang kapayapaan natin.

Ang Salita ng Diyos!

B – **Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 79*

***B* –Akitin mo, Poong mahal, iligtas kami't tanglawan!**

R. M. Velez



* **Pastol ng Israel, kami ay pakinggan; mula sa trono mong may mga kerubin, kami ay tulungan. Sa taglay mong lakas, kami ay iligtas, at tubusin sa hirap!** ***B.***

* **Ika'y manumbalik, O Diyos na Dakila! Pagmasdan mo kami mula sa itaas, at ang punong ito'y muling pagyamanin, at iyong iligtas. Lumapit ka sana, ang puno ng ubas na itinanim mo ay iyong iligtas, yaong punong iyon na pinalago mo't iyong pinalakas!** ***B.***

* **Ang lingkod mong mahal ay iyong ingatan, yamang hinirang mo ay iyong ipagsanggalang, iyong palakasin bilang isang bansang makapangyarihan! At kung magkagayon, magbabalik kami't di na magtataksil sa 'yo kailanman, kami'y pasiglahi't aming pupurihin ang iyong pangalan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Heb 10:5-10***

Ang ating sipi mula sa Sulat sa mga Hebreo ay nagpapahayag ng buong-buong pagtalima ni Hesus sa kalooban ng kanyang Ama. Kanyang bibigyan ng kaganapan ang lahat ng mga handog sa Lumang Tipan. Sa kanyang pag-aalay ng sarili ay talagang matutubos sa pagkakasala ang lahat ng tao sa lahat ng dako at sa lahat ng panahon.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Noong si Kristo'y manaog sa sanlibutan, sinabi niya sa Diyos, "Ang mga hain at handog na mga hayop ay hindi mo ibig, kaya't inihanda mo ang aking katawan upang maging hain. Hindi mo kinalugdan ang mga handog na susunugin at ang mga handog dahil sa kasalanan. Kaya't aking sinabi, 'Narito ako, O Diyos, upang tupdin ang iyong kalooban' – Ayon sa nasusulat sa Kasulatan tungkol sa akin."

Sinabi muna niya, "Hindi mo inibig o kinalugdan ang mga hain at handog na mga hayop, mga handog na susunugin at mga handog dahil sa kasalanan" – bagamat ito'y inihahandog ayon sa Kautusan. Saka niya sinabi, "Narito ako upang tupdin ang iyong kalooban." Inalis ng Diyos ang unang handog at pinalitan ng handog ni Kristo.

At dahil sa kanyang pagsunod sa kalooban ng Diyos, nilinis tayo ni Hesukristo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng minsang pag-hahandog ng kanyang sarili at iyo'y sapat na.

Ang Salita ng Diyos!

B – **Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Lu 1:38***

B – **Aleluya! Aleluya!**
Narito ang lingkod ng D'yos,
maganap nawa nang lubos
ang salita mong kaloob.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Lu 1:39-45***

Inilalarawan ng ating Ebanghelyo ang pagdalaw ni Maria kay Elisabet. Ang pagpupuri ni Elisabet ay nakatuon sa pananalig ni Maria sa ipinasabi sa kaniya ng Diyos. Dahil sa pananalig na ito ay napuspos ng Sanggol na kanyang dinadala sa kanyang sinapupunan, hindi lamang ang sambahayan ni Elisabet, kundi ang buong daigdig ng kaligayahan.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Hindi nagtagal at si Maria'y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa kaburulan ng Juda. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elisabet.

Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet, at buong galak na sinabi, "Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala rin ang dinadala mo sa iyong sinapupunan! Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ko ng iyong bati ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan.

Mapalad ka sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–**Hangad nating makatulong sa kapuwa at makapagdala ng kasiyahan sa lahat. Idulog natin sa Diyos ang ating mga mithiin at ang pangangailangan ng lahat ng tao. Ating sasambitin:

B **–Diyos ng katapatan, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, ang Bayang saksi sa katapatan ng Diyos sa kanyang mga pangako, upang maging tapat din sila sa kanilang mga sinumpaang pangako, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay maranasan nila ang kaligayahang dala ng Sanggol na iniluwal ni Maria, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang sa papalapit na pagdiriwang ng Pasko ng Pagsilang ni Hesus ay magsikap silang tulungan ang mga naghihirap sa buhay nang taos-puso at walang pag-iimbot, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa mga taong tigib ng kalungkutan at nakabaon sa kahirapan, upang makatagpo sila ng mga magbabahagi ng ligaya at tulong na dulot ng Panginoon, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa huling Linggong ito ng Panahon ng Pagdating, upang maging handa tayo para sa pagdiriwang ng Pasko sa pamamagitan ng pamamahagi ng saya at tulong sa abot ng ating makakaya, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*
Manalangin tayo! ***B.***

P **–**Ama naming tapat sa Iyong mga ipinangako, malapit na naming mamalas muli ang katuparan ng Iyong mga pangako sa paggunita sa pagsilang ng Iyong Anak. Isugo Mo sa amin ang dakilang handog ng Iyong Espiritu upang mapuspos kami ng Iyong pagpapala. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon.
B **–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P **–** Manalangin kayo. . .
B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P **–**Ama naming Lumikha, ang mga alay naming nakahain sa iyong dambana ay pabanalin nawa ng paglukob ng Banal na Espiritu na pumuspos sa sinapupunan ng Mahal na Birheng Maria upang magdalang-tao at magsilang sa iyong Anak na siyang namamagitan magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

Prepasyo ng Adbiyento II

P **–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**
Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**
P **–** Hinihiling namin . . .
B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P **–** Ito si Hesus, ang Banal na Manunubos. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B **–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Maglilihi itong birhen at magsisilang ng supling na tatawaging Emman'wel, taguring ibig sabihi'y "Ang D'yos ay sumasaatin."

Panalangin Pagkapakinabang

P **–**Ama naming mapagmahal, amin nang pinagsaluhan ang piging na nagbibigay-buhay habang papalapit ang dakilang kapistahan ng Pasko, lalo nawa kaming makinabang nang may pananabik sa pagiging marapat sa pagdiriwang sa pagsilang ng Anak mo na siyang namamagitan magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

PAGWAWAKAS

P **–**Sumainyo ang Panginoon.
B **–At sumaiyo rin!**

P **–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

Naniniwala kayong ang Anak ng Diyos ay nagkatawang-tao sa sinapupunan ni Birheng Maria. Nawa magtamo kayo ng galak at kapayapaan sa kanyang nalalapit nang pagsilang.

B **–Amen!**

P **–**Iniligtas tayo ni Kristo sa pamamagitan ng pagtupad sa plano ng Ama. Nawa maging masunuring kayo tulad niya.

B **–Amen!**

P **–**Isinilang si Kristo upang dulutan ng biyaya at kapayapaan ang sangkatauhan. Nawa puspusin niya kayo ng kaloob na walang hanggang buhay.

B **–Amen!**

P **–**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B **–Amen!**

P **–**Humayo kayo sa kapayapaan upang salubunging magiliw ang Panginoon.

B **–Salamat sa Diyos!**

makinig. Kapanalig. Veritas846
RADYO TOTOO
The Catholic Radio
veritas846kapanalig www.veritas846.ph @kapanalig

ANG LIGAYANG DULOT NG PAGDAMAY SA KAPUWA

May isang taong magdiriwang ng kanyang kaarawan. Nais niya talagang magsaya sa araw na iyon dahil ito ang kanyang ika-50 kaarawan. Magiging *gintuang tao* na raw siya! Isip siya nang isip kung paano magkakaroon ng talagang maligayang kaarawan. Sa wakas, ito ang kanyang napagpasiyahan. Naglabas siya ng malaking pera sa bangko at nagtungo siya sa isang *Charity Ward* sa *Philippine General Hospital (PGH).* Inisa-isa niya ang lahat ng mga nakaratay doon. Binigyan niya ng pera ang mga walang pampaopera. Binigyan niya ng pera ang mga walang pambili ng gamot. Nang maubos na niya ang ilang daang libong pisong kanyang dala ay nagsimba siya sa kapilya ng PGH. Taos-puso ang kanyang pagpapasalamat sa Diyos dahil sa malaking ligayang kanyang nadama. Ito raw ang kanyang pinakamaligayang kaarawan.

Ayon sa turo ni Santo Tomas de Aquino, kaligayahan ang talagang hinahanap ng tao. Ang kaligayahan ay tunay kapag ito ay hindi napaparam. Ang kaligayahang maaaring mabawasan o tuluyang mawala ay hindi dalisay. Dahil sa ang lahat ng materyal na bagay ay papanaw, hindi maaaring nakaugat sa materyal na bagay ay tunay na saya. Espirituwal ang tunay na ligaya at ito ay nakaugat sa Diyos. Ang kaligayahang walang hanggan ay nakaugnay kay Hesukristo: *"Si Hesukristo noong nakaraan ay siya rin sa kasalukuyan at siya rin magpakailanman" (Hebreo 13:8).*

Si Hesus ay nagkatawang-tao dahil sa pag-ibig sa kanyang Ama at dahil din sa pag-ibig sa ating lahat. Pag-ibig ang dahilan ng lahat sa kaniya at siya ang bukal ng lahat ng kaligayahan at buhay. *"Sa pamamagitan niya nilikha ang lahat ng bagay, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya. Mula sa kaniya ang buhay, at ang buhay ay siyang ilaw ng sangkatauhan" (Juan 1:3-4).* Kung ang pag-ibig niya ay siya ring naghahari sa ating mga puso, tayo rin ay sasaya nang tunay.

Ang ligaya ay nasa kaalamang may taong umayos ang buhay nang dahil sa iyo. Ang saya ay galing sa katiyakang may natulungan kang kapwa-tao. Ang kaligayahang dalisay ay galing sa ngiting nakita mo sa mukha ng iyong kapatid na nangangailangan. May nakahandusay na tao sa isang eskinita sa lunsod ng Calcutta sa India. Nakita siya ni Santa Mother Teresa at kanyang nilapitan. Kanyang tinuyo ang pawis sa mukha ng taong nag-aagaw-buhay. Ito ay ngumiti, nagpasalamat, at nalagutan ng hininga. Ang dasal ni Santa Mother Teresa ay sana ang ngiting iyon ay patikim na ng ligayang kanyang tatamasahin sa tahanan ng Ama at naging daan siya para siya ay ngumiti kahit gaano kaunti – kahit gaano kaikli.

Dinala ni Maria si Hesus sa tahanan ni Elisabet at nagsaboy siya ng saya. Saanman magpunta si Hesus ay nagsasaboy siya ng saya dahil ibinubuhos niya ang handog ng Espiritu Santo. Sana sa Paskong ito ay mabahaginan din tayo ng Espiritu Santo at nang mapasaatin ang dalisay na ligaya.

2019 Junior Desk Calendars



Year of the Youth

WORD & LIFE PUBLICATIONS
Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • ***Circulation:*** R. Saldua